
Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 2, BLG. 10 DAET, CAMARINES NORTE PEBRERO, 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado

**nasa loob**
EDITORYAL 4
Sec. Robredo 5
panauhin dito

# 133 katao naoperahan sa 1-linggong BASMA Surgical Mission 2012

Umabot sa 133 mahihirap na pasyente mula sa iba't-ibang panig ng Lalawigan ng Camarines Norte ang nabigyan ng libreng operasyon sa *Bay Area Surgical Mission (BASM) 2012* na isinagawa noong Pebrero 13-17, 2012 sa *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)*. Ito ay batay sa ulat na isinumite ni Ms. Maria Zenaida Auro-Driz ng *Office of the Governor* na siyang itinalaga ng Pamahalaang Panlalawigan bilang *Coordinator for BASM*.

Sa naturang bilang, 44 ang sumailalim sa *major surgery* na nahati sa mga sumusunod: *general surgery* - 17; *OB-gyne operations* – 16, at *head and neck surgery* – 11. Umabot naman sa 89 katao ang nabigyan ng libreng *minor surgery (lumps and bumps)*.

Matagumpay na naisagawa ang 1-linggong *surgical mission* dito sa pamamagitan ng mga doktor at siruhano na kabilang o kaya ay sumusuporta sa *Bay Area Surgical Mission Association (BASMA)* na nakabase sa *Bay Area, San Francisco, California, USA*. Ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod: *Dr. Guiseppe Claravino, Dr.* Raul Cruz, *Dr. Theodore Hatch, Dr. Tyler Macy, Dr. Randi Smith, Dr. Ethan Handler, Dr.* Lisa *Ryujin, Dr.* Raul Achacoso at *Dr.* Leonardo Patron.

Tumulong din sa pagbibigay ng libreng serbisyong medikal ang mga *anesthesiologists* na sina *Dr.* Nelia Ritual at Dr. *Robert Luu*; ang mga *anesthesists* na sina *Brad Burch, John Hatch* at Katherine Sarasas; *anes-*

(Sundan sa pahina 3)







*Ang tseke para sa tuition fee reimbursement and allowances ay tinatanggap ng isang CNPGCEAP grantee mula kay Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado habang nakamasid si Gng. Purita P. Briñas.*

# CNPGCEAP mas pinalawak, mga bagong patakaran nito ipinatutupad

Nais ipaalam ng pamunuan ng *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP)* na ang *report card* na dapat isumite ng mga aplikanteng magtatapos sa hayskul ngayong *SY 2011-2012* ay dapat na maglaman ng kanilang grado simula *1st* hanggang *4th grading period*. Ito ay sa harap nang patuloy na pagpunta ng ilang magulang at estudyante sa *Community Affairs Office (CAO)* na ang dalang *report card* ay hanggang *3rd grading period* lamang.

Walang dapat ikabahala ang publiko sapagkat ang pagtanggap ng aplikasyon sa *CNPGCEAP* ay simula sa Abril 1 hanggang Abril 30, 2012. Maliban dito, humigit-kumulang sa 500 ang maaaring makuhang iskolar ngayong taon sa ilalim ng naturang programang pang-edukasyon na mas pinalawak ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado. Ito ay sa layuning matupad ang kanyang pangarap na bawat pamilya dito sa Camarines Norte ay magkaroon ng isang *college graduate* na magaangat sa pamumuhay ng kanilang pamilya.

Para sa kaalaman at gabay ng lahat ng interesado, ang mga kwalipikadong magaplay sa *CNPGCEAP* ay ang mga residente ng Camarines Norte na nakapagtapos ng hayskul; kasalukuyang nasa kolehiyo o kaya ay nasa huling taon na sa kolehiyo, at mga *persons with disabilities (PWDs)* ngunit limitado lamang sa mga indibidwal na putol ang isang paa o kamay, bulag ang isang mata; *club footed, cleft palate*, at iba pang kahalintulad na kapansanan.

Samantala, ang mga aplikanteng nagtapos sa hayskul bilang *valedictorian* o *salutatorian* ay hindi na sasailalim sa *CNPGCEAP qualifying* at *competitive examinations*. Ito ay patototohanan nila sa pamamagitan ng isang sertipikasyon na ibibigay ng paaralan kung saan sila nagtapos. Pribilehiyo rin ito ng mga estudyanteng nakakuha ng gintong medalya sa *individual athletic events* sa Palarong Pambansa o kaya ay *individual academic events* sa pambansang patimpalak na kailangang patotohanan o patunayan sa pamamagitan ng kaukulang sertipikasyon mula sa *Department of Education (DepEd)*.

(Sundan sa pahina 2)

# Consumer Awareness Seminar for Organic Agriculture isinagawa

Ang 1-araw na *Consumer Awareness Seminar for Organic Agriculture* ay isinagawa noong Pebrero 21, 2012 sa *Audio-Visual Room (AVR), 3rd Floor Annex, Provincial Capitol*, Daet. Itinaguyod ito ng *Department of Agriculture Regional Field Unit 5 (DA RFU5)* sa pakikipagtulungan ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg).*

Lubos at aktibong sinuportahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang naturang programa sapagkat batid niya na sa organikong pagsasaka (*organic farming),* tataas na ang ani at sustansyang pang-nutrisyon ng mga aning pang-agrikultural, napangangalagaan pa ang ating kalikasan/kapaligiran.

Ginawa ito ni Gob. Tallado bilang pagtataguyod sa kampanya ng pamahalaang nasyonal na isulong ang organikong pagsasaka *(organic farming)*, isang sistema ng pagsasaka na hindi gumagamit ng anumang kemikal o sintetikong materyal. Sa pamamagitan nito, magkakaroon ng mga aning may pinakamataas na nutrisyon. ngunit hindi nasisira ang kalikasan. Isa itong istratehiya na nakatutulong sa pagtaas ng sustansya ng lupa, nakapipigil sa pagguho ng lupa at nagbibigay-proteksyon sa mga tao at hayop mula sa masamang epekto ng mga kemikal at sintetikong sangkap sa pagsasaka.

Dumalo sa naturang *seminar* ang mga benepisyaryo ng mga *barangay food terminals (BFTs)*, mga opisyal at miyembro ng *4-H Clubs, Rural Improvement Clubs (RICs)*, kooperatiba, at akademya na una nang inanyayahan ng *DA RFU 5*.

Kabilang sa mga paksang tinalakay sa seminar ay ang pinakamahahalagang aspekto ng *RA 10068 (Organic Agriculture Act of 2010)* na tinalakay ni Ms. Nena P. Adupe, *Regional Organic Focal Person, DA*.

Para naman sa kaalaman at gabay ng mga kalahok, ang paksang *Understanding Organic Farming* ay inilahad ni Ms. Rosalina Tan, pangulo ng *Organic Bicol Advocators Network (OBAN)* pati na ang temang *Marketing*

(Sundan sa pahina 7)

## CNorte supports DepED's Essential Health Care Program

Handwashing and toothbrushing will soon be part of the day-to-day activities of elementary school children in Camarines Norte.

On February 14, 2012 the local government of Camarines Norte signed a Memorandum of Agreement with the Department of Education (DepED) and Philippine NGO, Fit for School (FIT). The formalized agreement will ensure the continued support in the implementation of the Essential Health Care Program (EHCP) in the province.

For two years now, the division of Camarines Norte has been an active advocate of DepED's flagship EHCP – a program that focuses on three simple effective interventions namely daily handwashing with soap, daily toothbrushing with fluoride, and twice yearly deworming. Initial implementation of the program was funded by UNICEF and Procter and Gamble (P&G), but is yet to be extended to all schools and all children year-to-year. But with the help of the local government, all schools will soon receive full packages for school year 2012-2013.

Through FIT's advocacy, Camarines Norte is now the second of ten LGUs under the UNICEF and P&G support project that has successfully transformed the initial support into a program owned, funded, and implemented by the local government and the schools division. Northern Samar recently launched also the program while plans are in progress for Aurora, Tarlac, Guimaras, Antique, Cebu, Davao City, Zamboanga del Sur, and Sarangani to follow suit.

Guests and witnesses who graced the aforesaid MOA signing event included Exec. Asst. IV/OIC Provincial Administrator Joey G. Boma, Asst. Provincial Planning and Development Coordinator Ellen B. Austria, Provincial Nutrition Action Officer Mercedes Juan, Schools Division Superintendent Arnulfo Balane, Medical Officer Dr. Lirio Palencia as well as representatives from UNICEF and P&G. Also present were DepED Health Personnel and all concerned school principals in the province.

The Essential Health Care Program which is being implemented by the DepED is funded by various LGUs, and supported by FIT and other partners. Through their interventions, EHCP has effectively lower malnutrition, oral infections, and absenteeism among pupils. Started in 2009, the program currently targets more than 2 million Filipino children that now covers 53 school divisions, including seven in the Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM).

For more information on Fit for School and the Essential Health Care Program, visit.fitforschool.ph.facebook.com/fitforschool.ph.**

## Dr. Margarette Lee ng BACNA pinangalanang 'adopted daughter' ng Camarines Norte

Si Dr. Margarette Lee ng *Bay Area Camarines Norte Association (BACNA)* ay kinilala bilang *'adopted daughter'* ng Lalawigan ng Camarines Norte sa bisa ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2012-04 na ipinalabas ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado noong Biyernes, Pebrero 10, 2012.

Iginawad ito ng pamahalaang panlalawigan kay Dr. Lee bilang pagkilala sa kanyang dedikasyon na makapagbigay ng libreng serbisyo sa mahihirap nating mga kababayan na hindi makapagpa-opera dahil sa kakapusang pampinansyal. Matatandaan na ito ang ikatlong taon na tumulong si Dr. Lee sa *BACNA medical and surgical missions* na isinagawa rito sa lalawigan partikular na noong taong 2008, 2010 at ngayong 2012.

Ang BACNA ay isang samahan ng mga siruhano at narses sa *Bay Area, San Francisco, California, USA* kung saan miyembro ang ilan nating mga kababayan.

Kasama ang iba pang mga volunteer *doctors* at *nurses*, mga Pilipino at banyaga man, ang *BACNA* ay muling nagkaloob ng libreng *general surgery* sa mahihirap na mga pasyenteng may bukol sa ulo at leeg *(head and neck surgery), lumps and bumps, ob-gyne, cleft palate*, at iba pa. Ito ay sa *BACNA Surgical Mission 2012* na isinagawa sa *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)* simula Pebrero 6-10, 2012.

Ipinaabot naman ni Gob. Tallado ang lubos na pasasalamat sa pamunuan ng *BACNA* na patuloy na nagsasagawa ng nabanggit na proyektong pangkawanggawa bilang pagmamalasakit sa mahihirap nating mga kababayan. Sinabi ni Gob. Tallado na ang ginagawa ng *BACNA* ay katangi-tangi at dapat tularan ng iba pang pansibikong samahan at organisasyon. ***LORENA DELA TORRE-IBASC0***

## CN-PGCEAP...

(Mula sa pahina 1)

Katulad ng ibang aplikante, magiging kwalipikado silang mapabilang sa programa kung ang kita ng kanilang pamilya ay hindi lalagpas sa P120,000.00 bawat taon o P10,000.00 kada buwan. Kailangan din nilang magsumite ng *certificate of good moral character* na mula sa huling paaralang pinasukan nila.

Maliban sa mga nabanggit sa itaas, lahat ng aplikante sa *CNPGCEAP* ay kailangang magsumite ng *application letter* na naka-*addressed* kay Gob. Tallado bilang *CNPGCEAP Committee Chairman*; orihinal at *machine copy* ng *report card* na ang *general average ay* 83% pataas;, at 2 piraso ng bagong kuhang larawan na *1x1* ang sukat. Dapat din silang magsumite ng *authenticated machine copy* ng *BIR Income Tax Return (ITR)* ng kanilang magulang o tagapangalaga kaya.

Kailangan din nilang kumuha ng *barangay clearance* at *certificate of residency*, at karagdagang *certificate of indigency* naman para sa mga aplikante na ang mga magulang o tagapangalaga ay walang *ITR*. Para makatipid sa bayarin sa barangay, ang 3 sertipikasyon ay pinagsamasama ng *CAO* sa isang porma lamang kasama ang tagubilin na dapat na ilagay ang kumpletong *address* ng aplikante kasama ang purok. Kailangang kapani-paniwala rin ang ilalagay nilang halaga ng taunang kita ng kanilang magulang o kung ulila na ay ang kita ng tagapangalaga ng aplikante. Hinihiling din ng *CAO* sa mga barangay na 2 kopya ang ibigay nila sapagkat ang 1 kopya ay isusumite ng magulang o tagapangalaga ng aplikante sa *Bureau of Internal Revenue (BIR)* na mag-iisyu naman ng kaukulang sertipikasyon na siyang hinihingi sa ilalim ng *CNPGCEAP* bilang panghalili sa *ITR*.

Samantala, ang papalaring maging iskolar ngayong taon ay tatanggap ng P5,000.00 bawat semestre o P10,000.00 bawat taon bilang *tuition fee* at *allowance* nila. Para patuloy na makatanggap ng nasabing tulong-pinansyal, kailangang mapanatili nila ang *ge-neral average* na 85% at pataas kung ang kurso nila ay *education, accountancy, entrepreneurship*, at mga katulad nito. Dahil sa kahirapan ng mga *engineering courses*, ang *general average* na hinihingi para sa mga kumukuha ng mga naturang kurso ay 80% lamang at pataas.

Patuloy na ipinatutupad ni Gob. Tallado ang *CNPGCEAP* sa layuning mas maraming mahirap ngunit karapat-dapat na mga kabataan sa Camarines Norte ang makapagtapos ng kolehiyo at maging kapakipakina-bang na mga miyembro ng pamayanan. ***LORENA DELA TORRRE-IBASCO***

# Produksyon ng palay sa CNorte tumaas ng 6%

Isinagawa ang *CY 2012 First Quarter MAOs/MAs Meeting* noong Pebrero 13, 2012 sa *Little Theater, Provincial Capitol*, Daet kung saan tinalakay ang *CY 2011 Rice Industry Performance.*

Nagkaroon din dito ng presentasyon ng *CY 2010-2011 Comparative Rice Industry Performance of* Camarines Norte kung saan lumabas sa ulat ng *Office of the Provincial Agriculture (OPAg)* na ang Lalawigan ng Camarines Norte ay nakapagtala ng 6% pagtaas sa produksyon ng palay sa taong 2011. Mula sa 72,815 metriko toneladang produksyon ng palay noong 2010, nagkaroon ito ng 77,188 metriko toneladang produksyon sa taong 2011 o 4,373 metriko toneladang karagdagang aning palay o 6% pagtaas.

Lumabas din dito na ang *net supply* ng palay bawat metriko tonelada sa taong 2011 ay 70,564 kumpara noong 2010 na 66,508 lamang. Dahil dito, naitala ang 4,056 metriko toneladang pagtaas sa *net supply* ng palay bawat metriko tonelada o 6.10% na pagtaas.

Ang *net supply* naman ng bigas dito sa Camarines Norte bawat metriko tonelada ay umabot sa 46,149 noong taong 2011 mula sa 43,496 lamang noong taong 2010 o karagdagang 2,653 na katumbas ng 6.10% pagtaas.

Ayon pa rin sa *OPAg Crops Division*, ang bilang ng populasyon na nangangailangan ng bigas *(population demand)* noong 2010 ay 532,282 at 538,776 naman noong 2011. Ito ay may katumbas na kabuuang pangangailangan sa bigas na 56,906 metriko tonelada para sa taong 2010 at 57,601 metriko tonelada noong 2011 na may katumbas na 1.22% na pagtaas.

Kaugnay nito, ipinahayag ni *Acting Provincial Agriculturist* Francia C. Pajares na dahil dito ay nakapagtala ng 3.61% na pagtaas sa *rice self-sufficiency ratio (RSSR)* ang Camarines Norte kung saan umabot ito sa 78.52% noong 2011 mula sa 74.91% *RSSR* noong 2010.

Kabilang din sa tinalakay sa pulong ang kabuuang target na produksyong palay ng Camarines Norte para sa panahon ng tag-ulan *(wet season)* ngayong taong 2012.

Samantala, lumabas din sa ulat na sa kabuuang target na 39,260 metriko toneladang ani, 29,351.80 MT ang inaasahang ani mula sa mga palayang may irigasyon at 9,908.35 MT naman sa mga palayang umaasa lamang sa patak ng ulan at/o kaya ay nasa matataas na lugar *(upland areas)*.

Idinagdag ni *Acting PA* Pajares na ang kanyang tanggapan ay patuloy na makikipag-ugnayan at makikipagtulungan sa *Department of Agriculture (DA)* at mga sangay nito gayundin sa iba pang kaukulang ahensya ng pamahalaang nasyonal. Ito ay sa layuning makapagpatupad sila ng mga programa na makatutulong para mapataas pa ang produksyon ng palay dito sa Camarines Norte nang sa gayon ay magkaroon ito hindi lamang ng pansariling tuluy-tuloy na suplay ng bigas kundi makapaglulwas din ito ng bigas sa iba pang karatig-probinsya. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***

# 3 brgy. food terminals sa lalawigan tumanggap ng ayuda mula sa DA

Tumanggap ng ayuda mula sa *Department of Agriculture (DA)* ang tatlong *barangay food terminals (BFTs)* dito sa lalawigan ng Camarines Norte. Ito ay kinabibilangan ng *Countryside Agrarian Reform Beneficiaries (CARBS)* ng Brgy. Maulawin, Sta. Elena; *Rural Improvement Club (RIC)* ng Brgy. Guinacutan, Vinzons, at Samahan ng mga Manggagawa at Mangingisda ng Banocboc (SMMB) na nakabase sa Brgy. Banocboc, Vinzons.

Ang mga *BFTs* ay pawang pinagkalooban ng *DA* ng mga kagamitan at materyales sa pagtitinda gaya ng mga sumusunod: *chiller, chest freezer, weighing scales* (10 kilogramo at 20 kilogramo), *digital weighing scales*, 10 pirasong *plastic crates, meat grinder, electric rice grinder* at *calculator* na nagkakahalaga ng P95,539.00. Tinanggap ng mga *BFTs* ang naturang ayuda mula sa *DA* noong Pebrero 9 sa isang programang isinagawa sa bayan ng Daet.

Hinihikayat naman ang naturang mga *BFTs* na madaliin ang pagproseso ng kanilang mga dokumento para makakuha sila ng lisensya sa *National Food Authority (NFA)*. Ito ay kailangan nila para makakuha sila ng bigas na nagkakahalaga ng P50,000.00 na karagdagang tulong sa kanila.

Ang pagpapatakbo ng mga *BFTs* ay masusing susubaybayan ni Gng. Susan R. Cereno ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* na tumatayong *coordinator* ng proyekto. Ito ay sa layuning matiyak ang maayos na operasyon ng mga *BFTs* dito sa lalawigan at matukoy kung nakasusunod sila sa mga pamantayang itinakda ng *DA*.

Ang implementasyon ng *BFT Project* ng *DA* dito sa Camarines Norte ay lubos na sinusuportahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado sa layuning madagdagan ang kita ng mga magsasaka at magkaroon sila nang maayos at maunlad na pamumuhay.

Para sa mga barangay na interesadong maging benepisyaryo ng proyekto, ang kailangan nilang gawin ay magpadala ng sulat sa *DA, Regional Office No. 5* sa Agustin, Pili, Camarines Sur. Ang kanilang kahilingan ay pag-aaralan ng *DA RO5* na magsasagawa rin ng ebalwasyon kung ang kanilang barangay ay angkop na pagtayuan ng proyekto.

Samantala, ang *Barangay Food Terminal Project* ay ipinatutupad ng *DA* sa iba't-ibang panig ng bansa sa layunin na ang mga aning pang-agrikultural ng mga magsasaka ay maibenta sa tamang halaga na walang ahente *(middle-men)* sa pagsasapamilihan ng kanilang ani na makapagpapataas naman sa kita ng mga magsasaka at mangingisda man.

Bilang karagdagan, layunin din ng *BFT Project* na magkaroon ng regular na suplay ng ligtas, masustansya at abot-kayang pagkain sa merkado gaya ng karneng baboy at manok, .isda, gulay, prutas, bigas at pangunahing mga bilihin na ang prayoridad ay ang mga nabibilang sa mahihirap na sektor ng lipunan.

Sa pamamagitan din ng *BFT Project*, nakabuo at patuloy na nakapagbubukas ng mga oportunidad sa trabaho sa pamamagitan ng mga *livelihood components* nito gaya ng mga *satellite outlets, rolling stores* at pagtatayo ng mga *food packaging* at *processing centers.* ***HELEN B. ABORDO/ LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# 133 katao...

**(Mula sa pahina 1)**

*thesia technician* na si *Charles Anema*; *medical engineer* na si Elmer Bernardo, at mga narses na sina: Erna Auro, Loida Malinis, Theza *Ethel Fitzpatrick*, Josephine Medina, Darlene Moirao, *Karen Nicholls, Aleli Rones*, Remy Wong, Annabelle Cordova, Mary Grace Blaquir, Tiffany Austria, Edison Fajardo, Lolebelle Gonzales, Jason at Charmaine Marmol, at Ian Taldo.

Kasama rin sa naging *volunteers* sina Richard Tate, Remy Wong at si Jodie *Campbell* na isang *social worker.*


Ang *BASM 2012* ay aktibong sinuportahan nina Daet Mayor Tito S. Sarion, Basud Mayor Dominador Davocol at Mercedes Mayor Alexander Pajarillo-Lo na nagsilbing mga *meal sponsors* gayundin sina Ms. Hope at Mr. Frank Balce, *Atty.* at Mrs. Raymundo Aquino, *Mabini Colleges Foundation*, Mrs. Aida Guinto at Mrs. Zenaida *Jones*. Naging mga isponsor din dito sina San Lorenzo Ruiz Mayor Nelson delos Santos, Benito Ochoa, Tomas Tan at Joey Subia pati na ang *Standard Marketing, Coca-Cola Bottlers, Inc.* at ang *Gino's Marketing.*

Taus-pusong pinasalamatan ng ating mga kababayan ang grupo ng *BASMA* at ang *CNPH* dahil sa wakas ay natapos na rin ang paghihirap nila hindi lamang sa sakit kundi maging sa kahihiyan na hatid ng kanilang malaking bukol sa leeg, braso, tiyan, o iba pang parte ng kanilang katawan o di kaya ay dahil sa kanilang *cleft palate, obgyne ailments*, at iba pang kahalintulad na mga karamdaman.

Ipinaabot naman ng *BASM* ang kanilang kagustuhan na sa mga susunod na taon ay patuloy na makapagsilbi sa mahihirap nating mga kababayan sa lalawigan.

Sa nabanggit na 1-linggong *BASMA surgical mission* dito, sina Erna P. Auro, *RN* at Zenaida P. Jones na mga kababayan natin mula rito sa Daet ang tumatayong *surgical mission coordinator* at *ambassador of goodwill*, ayon sa pagkakasunod.

Nagtungo rito ang *BASM* bilang pagpapaunlak na rin sa nauna nang kahilingan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado na muli silang magsagawa rito ng naturang kawanggawa. Inaasahan na sa pamamagitan nito, natugunan ang pangangailangang-medikal ng ating mga kababayan, at sila ay nakakikilos at nakapamumuhay na ng normal, at mayroon na ngayong malusog at aktibong pangangatawan. ***LORENA DELA TORRE IBASCO***




# E D I T O R Y A L

## Anong taya mo para sa Pilipinas natin?

Ipinagdiwang sa iba't-ibang panig ng ating bansa ang ika-26 na taong anibersaryo ng *People Power Anniversary* noong Pebrero 25 na nakatuon sa temang, "ANONG TAYA MO PARA SA PILIPINAS NATIN?

Aktibo itong sinuportahan ng administrasyon ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado susog na rin sa *Memorandum Circular No. 27, s. 2012* ng Tanggapan ng Pangulo.

Noong Pebrero 25, muli nating sinariwa ang mga naging kaganapan sa *EDSA People Power Revolution* noong Pebrero 22-25, 1986. Isang makasaysayang pangyayari kung saan napanumbalik ang kalayaan at demokrasya ng ating bansa mula sa may 2 dekadang diktaduryang pamahalaan.

Matatandaan na sa loob ng 4 na araw na nabanggit, mayaman at mahirap, propesyonal man o hindi, ay tumugon sa panawagan noon nina Arsobispo Jaime L. Cardinal Sin at ng yumaong dating pangulong Corazon Cojuangco-Aquino na magkaisa ang mga Pilipino. Sa kabila ng mga banta at panganib, walang takot silang nagtipun-tipon sa kahabaan ng *Epifanio delos Santos Avenue (EDSA)*. Itinaya nila ang kanilang buhay at pag-asa para mabawi ang demokrasya na ngayo'y tinatamasa na natin.

Nilabanan nila ang diktaduryang rehimen noon sa mapayapang paraan gamit ang mga bulaklak, rosaryo at higit sa lahat, ang kapangyarihan ng dasal at panalangin, bilang mga sandata. Isang makasaysayang pangyayari ito na nasaksihan ng iba't-ibang bansa sa mundo, tila imposibleng mangyari ngunit naganap dahil sa pagkakaisa at determinasyon nating mga Pilipino na mabawi ang demokrasya at kalayaan na mahabang panahong ipinagkait sa atin.

Kasabay ng pagbalik-tanaw natin sa *1986 EDSA People* Power *Revolution*, huwag nating kalimutan ang mga aral at leksyon nito. Iwasan nating maulit ang mga naging pagkakamali natin partikular na sa mga sumunod na serye ng pag-aalsa sa EDSA kung saan nakumpromiso ang kinabukasan ng ating bansa.

Sa pagdiriwang natin ngayon ng *26th EDSA People Power Revolution*, "ANONG TAYA MO PARA SA PILIPINAS NATIN?" sakaling dumating ang panahon na ikaw, ako o tayo naman ang kailangang tumayo at manindigan sa ngalan ng katotohanan, hustisya, at demokrasya. Ikaw, ANONG TAYA MO PARA SA PILIPINAS NATIN?

# Governor's Night para sa 2012 BASM Team idinaos

Ginanap noong Pebrero 16, 2012 sa *Governor's Mansion* sa Brgy. Bagasbas, Daet ang *Governor's Night* kung saan isang masaganang salu-salo ang inihanda ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado. Isa itong espesyal na pagtitipon na inihanda ng gobernador para sa mga banyaga at Pilipinong doktor, narses at lahat ng *volunteers* na bahagi ng *Bay Area Surgical Mission (BASM) 2012* na magtatapos sa Pebrero 18.

Ito ay bilang pasasalamat ni Gob. Tallado at ng kanyang maybahay na si Mam Josie Baning-Tallado sa *Bay Area Surgical Mission Association (BASMA)* na nagbigay ng libreng operasyon sa mahihirap nating mga kababayan. Simbolo rin ito ng mataas na pagkilala ng gobernador sa grupo ng *BASMA* na mula sa Amerika ay nagtungo rito para maghatid ng naturang *humanitarian project* sa ating mga kababayan.

Inihanda nina Gob. Tallado at Mam Josie ang naturang salu-salo para naman makapagrelaks at makapagsaya ang grupo ng *BASMA* matapos silang magbigay ng libreng *general surgery* sa mga pasyenteng may bukol sa ulo at leeg *(head and neck surgery)*, *lumps and bumps*, *cleft palate* , *ob-gyne*, at iba pa. Ang pinakatampok na bahagi nito ay ang pagbibigay ni Gob. Tallado ng gawad-pagkilala sa mga doktor, narses at *volunteers* na bahagi ng naturang kawanggawa.

Ang *BASM 2012* ay isa lamang sa napakaraming *surgical missions* na dinala ni Gob. Tallado sa lalawigan. Ngunit sa kabila nito, ang gobernador ay patuloy pa ring nakikipag-ugnayan sa mga samahan at asosasyon na nagbibigay ng libreng *surgical* at *medical missions* para matugunan ang mga pangangailangang pangmedikal at pangkalusugan ng ating mga kababayan gayundin ay manumbalik ang tiwala nila sa kanilang sarili, mapaunlad ang kanilang kakayahan at maging aktibong miyembro ng pamayanan. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***













Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/ design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.—Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.






***Pinangunahan ni DILG Sec. Jesse Robredo ang unveiling of Seal of Good Housekeeping sa Municipal Hall ng San Lorenzo Ruiz katuwang sina SLRuiz Mayor Dr. Nelson Delos Santos, DILG-RO V RD Blandino Maceda, PD Robin Mercado, Bokal Romeo Marmol, CNPPO PD Esquivel at PNP RO-V RD Delos Santos.***

# DILG Sec. Robredo panauhin sa unveiling ng SGH Markers ng SLR at Talisay, at groundbreaking ceremony ng Salintubig Project sa Basud











Naging panauhing pandangal si *Secretary* Jesse Manalastas Robredo ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)* sa *ceremonial ins-tallation* at *unveiling* ng *DILG Marker of Seal of Good Housekeeping (SGH)* sa mga bayan ng San Lorenzo Ruiz at Talisay noong ika-14 ng Pebrero, Araw ng mga Puso. Sinisimbolo ng *marker* ang gawad-pagkilala ng *DILG* sa 2 bayan dito sa Camarines Norte na nagpakita ng katangi-tanging inisyatibo at gawain na lubos at malawakang naisulong ang mga prinsipyo ng *accountability* at *transparency* sa kani-kanilang lokal na pamamahala.

Ang pag-aalis ng tabing ng *DILG Marker of SGH* ay sinaksihan nina *RD* Blandino Maceda, *DILG RO5*, *PD* Robin M. Mercado ng *DILG* Camarines Norte, *PNP RD-PRO5* Jose delos Santos, *PNP-CNPPO PD* Esquivel, at Bokal Romeo Marmol na kumatawan kay Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado na hindi nakarating dahil sa kasinhalagang okasyon na dinaluhan nito na mas una na nitong natanguan.

Maliban dito, pinangunahan din ni *Sec.* Robredo ang *groundbreaking ceremony* ng Salintubig *Project* sa Brgy. San Pascual sa bayan ng Basud bilang panauhing pandangal. Nakasama niya rito sina *Usec.* Austere Panadero, *DILG Representative*; *Dr. Jacqueline Badcock*, *UN President Coordinator*, at Mr. Vicente Selles-Zaragosi, *AECID Coordinator General* na

(Sundan sa pahina 7)

## 28,534 katao ...

(Mula sa pahina 8)

sina Bise Gob. Jonah G. Pimentel at *Provincial Legal Officer Atty.* Sim O. Mata Jr. na tumatayong *Caravan Project Director.*

Narito ang iskedyul ng mga *caravans* at ang mga barangay na benepisyaryo nito: Peb. 3 - Colasi *Elem. School* (Mercedes-Colasi, Tarum, Hamoraon, Lalawigan at Lanot,) at Matoogtoog *Elem. School* (Mercedes-Matoogtoog, Hinipaan, Masalongsalong at Pambuhan); Peb. 10 – Bautista *Elem. School* (Labo–Bautista, Anahaw, Iberica at Malasugui) at Guinacutan *Elem. School* (Vinzons– Guinacutan, Singi at Napilihan); Peb. 17 – Osmeña *Brgy. Hall* (Jose Panganiban– Osmeña, Bagumbayan at Luklukan Norte) at Tugos *Elem. School* (Paracale– Tugos, Palanas at Poblacion Sur), at Peb. 24 - Bayabas, Labo Tigbinan at Guisican, Labo, at Bulala, Sta. Elena) at San Lorenzo, Sta. Elena (Rizal at Salvacion).

Sa pamamagitan ng *caravan*, natugunan ng

(Sundan sa pahina 6)



***Si Jude Hernandez ng LGU Mercedes ay nakatuwang ni Madam Josie Baning-Tallado sa pamamahagi ng libreng tsinelas sa mga kabataan sa Brgy. Matoog-toog, Mercedes at mga karatig-barangay nito. Sa MS Caravan sa Brgy. Tugos, Paracale, magkasamang ipinamahagi nina Gob. Egay Tallado at Bise-Gob. Jonah Pimentel ang tilapia fingerlings sa mga kaukulang benepisyaryo.***



# Mago kinilala ng SP sa pagpahiram niya sa Museo ng koleksyon ng sinaunang barya

Si G. Roderick V. Mago ng bayan ng Labo ay binigyang-pagkilala ng Sangguniang Panlalawigan (SP) dahil sa bukal sa loob nitong pagpapahiram ng kanyang koleksyon ng mga sinaunang barya ng bansa sa *Museum, Archives and Shrine Curation Division (MASCD)* na nasa ilalim ng Tanggapan ng Gobernador. Si Mago na mula sa Brgy. Tulay na Lupa, Labo ay isang kolektor ng mga lumang barya ng Pilipinas na ipinalabas simula sa mga taong 1909 hanggang 2011.

Ang mga koleksyong barya ni Mago ay idinispley sa Museo Bulawan ng *MASCD* para sa pangkasaysayang kaalaman at impormasyon ng publiko. Ang magandang displey ng mga barya ay isa sa pinakamahalagang serbisyong pang-edukasyon na maibibigay ng mga museo sa kanilang mga bisita o kliyente.

Sa pamamagitan ng pag-aproba sa Resolusyon Blg. 026-2012 na iniakda ni Bokal Teresita DL. Malubay, pormal na binigyang-pagkilala ng Sanggunian ang mahalagang kontribusyon ni Mago sa pagpapaunlad ng kasaysayan ng bansa. Pinagtibay ng SP ang naturang resolusyon sa ika-72 regular na sesyon nito kamakailan kung saan ang kopya nito ay ipinadala rin nila sa Kongreso para sa kaukulan nitong impormasyon, gabay at pagsuporta.

Sa pamamagitan ng koleksyon ni Mago ng mga barya, nakita ang antas ng pag-unlad at pagbabagong-mukha ng mga barya sa Pilipinas kasabay ng pagbabagubago ng pamunuan ng bansa.

Bilang karagdagan, ang barya ay isang piraso na gawa mula sa metal o kumbinasyon ng mga metal na nagtataglay ng *stamp* kung

(Sundan sa pahina 7)

# 28,534 katao ...

(Mula sa pahina 5)

pamahalaang panlalawigan ang halos lahat na pangunahing pangangailangan ng mga taga-barangay.

Nangunguna sa serbisyong ipinagkaloob ng grupo ni Gob. Tallado ang libreng tsek-ap, gamot at bitamina, pagbasa sa presyon ng dugo, *blood typing* at *blood sugar testing* pati na libreng pagbunot ng ngipin. Kabilang ito sa mga prayoridad ni Gob. Tallado na naniniwalang ang kalusugan ay kayamanan, at ang kaunlaran ng bansa ay nakasalalay sa malulusog at aktibong mamamayan nito.

Ipinaalam din sa mga barangay ang programang pang-edukasyon - ang *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP)* na bukas para sa mga kwalipikadong mapabilang sa programa, at ang *Educational Program for the Development of Out-of-School Youths (EPDOSY)* para sa mga nais kumuha ng kursong bokasyonal. Bukod sa tulong na pang-edukasyon, inihatid din sa *caravan* ang mga oportunidad sa trabaho, lokal at internasyonal man.

Pinilahan din sa *caravan* ang libreng gupit, *hair dye* at *hot oil treatment* na ibinigay ng 'Handog Gupitan' na ipinagkakaloob nina Gob. Tallado at ng kanyang butihing maybahay na si Mam Josie Baning-Talado. Ito ay maliban pa sa libreng masahe at *reflexology service* kung saan nakapag-relaks ang pagod na katawan ng mga taga-barangay.

Pinangunahan din ni Gob. Tallado ang pamimigay ng mga *reading glasses* na personal na isinukat ni Gob. Tallado sa mga benepisyaryo. Nakatulong niya rito sina Bise Gob. Pimentel, *Atty*. Mata, Jr. at ilang hepe ng pamahalaang panlalawigan.

Nasiyahan din ang mga nagtiyagang pumila sa *caravan* sapagkat binigyan din sila ng libreng lugaw na inihanda ng *PCSSD* sa pamumuno ni *OIC Provincial Warden* Reynaldo N. Pajarillo. Matapos ang *cooking demo on fish recipes* na isinagawa ng *OPAg*, pinatikim din sila ng *fish embutido* at *fish lumpia*, mura at masustansyang pagkain na pwede nilang ihain sa kanilang pamilya o ibenta kaya.

Samantala, aminado si Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado na mahirap at nakapapagod ang magkasabay na pagdaraos ng *caravan* sa dalawang magkahiwalay na lugar tuwing araw ng Biyernes. Ngunit isinasaisantabi niya ito sapagkat mas mahalaga umano sa kanya ang direktang makadaupang-palad ang kanyang mga kababayan at maipaabot sa kanila ang iba't-ibang serbisyo at programa ng pamahalaang panlalawigan na ipinatutupad ng kanyang administrasyon. Ayon kay Gob. Tallado, anumang hirap at pagod niya ay agad na napapawi sa mga matatamis na ngiti ng mga taga-barangay bilang pasasalamat sa kanyang personal na paglilingkod kasama ang buong grupo ng *caravan*.

Nasa ibaba ang talaan ng mga serbisyong ipinagkaloob ng grupo ni Gob. Tallado sa 8 serye ng *caravan* ngayong Pebrero 2012 at ang bilang ng mga naging benepisyaryo nito:

| | Pebrero 3 Colasi, Mercedes | Pebrero 3 Matoogtoog, Mercedes | Pebrero 10 Bautista, Labo | Pebrero 10 Guinacutan, Vinzons | Pebrero 17 Osmeña, Jose Panganiban | Pebrero 17 Tugos, Paracale | Pebrero 24 Bayabas, Labo | Pebrero 24 San Lorenzo, Sta. Elena |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Serbisyong Medikal/Gamot/Bitamina | 999 | 1,574 | 1,328 | 696 | 781 | 638 | 734 | 970 |
| Bunot ng Ngipin | 139 | 230 | 98 | 158 | 156 | 158 | 197 | 229 |
| *Blood Typing/Blood Sugar* | 158 | 123 | 194 | 217 | | | 176 | 145 |
| *Reading Glasses* | 127 | 100 | 105 | 88 | 188 | 139 | 143 | 186 |
| *Reflexology/Massage Services* | 95 | 75 | 92 | 120 | 102 | 90 | 95 | 112 |
| Lugaw ni *Warden* | 560 | 500 | 680 | 720 | 580 | 680 | 600 | 400 |
| Pantanim na Bungang-Kahoy | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 |
| Pantanim na Butong-Gulay | 150 | 150 | 150 | 150 | 150 | 150 | 150 | 150 |
| *Tilapia Fingerlings* | 5 | 10 | 36 | 10 | 10 | 9 | 15 | 11 |
| *Cooking Demo on Fish Recipes* | 128 | 98 | 58 | 80 | 99 | 120 | 95 | 111 |
| Pantanim na Punungkahoy | 87 | 93 | 82 | 93 | 81 | 82 | 56 | 71 |
| *Anti-Rabies Vaccines* | | | | | | | | |
| *Animal Dispersal (Carabaos)* | 2 | | 2 | 9 | | | 7 | 3 |
| *Animal Dispersal (Piglets)* | | 2 | 2 | 3 | | | 0 | |
| *Cash Assistance to Barangays* | 5 | 4 | 4 | 4 | 3 | 3 | 4 | 3 |
| *Assessment Rolls* | 5 | 4 | 4 | 4 | 3 | 3 | | 3 |
| Libreng Tsinelas | | | | | | | | |
| Libreng Gupit ng Buhok | 177 | 256 | 256 | 232 | 239 | 192 | 190 | 205 |
| Libreng Pagtina sa Buhok | 24 | 62 | 37 | 30 | 49 | 64 | 42 | 33 |
| Libreng *Hot Oil* | 55 | 148 | 79 | 111 | 150 | 160 | 129 | 201 |
| Oryentasyon ukol sa: Katarungang Pambarangay | 69 | 69 | 54 | 45 | 29 | 100 | 29 | 90 |
| *CNPGCEAP* | 69 | 69 | 54 | 45 | 29 | 100 | 29 | 90 |
| Mga Batas na Nagbibigay-Proteksyon sa Kabataan at Kababaehan | 69 | 69 | 54 | 45 | 29 | 100 | 29 | 90 |
| *Job Reference/EDPOSY/NBI Clearance* | | | | | 36 | 54 | 36 | 64 |
| *Information and Education Campaign (IEC) Materials* | 479 | 479 | 404 | 395 | 329 | 450 | 329 | 390 |
| *MASCD Lecture* | 45 | | | 39 | | | 40 | |
| | **3,572** | **4,215** | **3,873** | **3,394** | **3,143** | **3,491** | **3,229** | **3,657** |

***(LORENA DELA TORRE IBASCO)***

# P140 milyong farm-to-market road projects ...

(Mula sa pahina 8)

lawigan ng Camarines Norte at *OPAPP*, ang implementasyon ng mga proyekto ay pangangasiwaan ng Pamahalaang Panlalawigan na masusi namang susubaybayan ng *OPAPP*.

Ang proyektong PAMANA ay pangkapayapaan at pangkaunlarang balangkas ng pamahalaang nasyonal na naglalayong matugunan at mapalakas ang pagtatatag ng kapayapaan at kaunlaran sa mga lugar na apektado ng kaguluhan na dulot ng iba't-ibang grupo na kontra sa pamahalaan partikular na nga ang mga *New People's Army (NPA)*.

Ang partikular na mga layunin ng PAMANA ay ang: 1) mabawasan ang kahirapan sa mga apektadong lugar sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga proyektong pang-imprastraktura at pagbibigay nang higit na pansin sa mga serbisyong panlipunan *(social services)*; 2) magkaroon nang maayos at bukas na pamamahala para makuha ang positibong pagtugon ng komunidad; at 3) magkaroon sila ng kakayahan na maitaguyod ang kapayapaan sa pamamagitan ng iba't-ibang gawain na lalahukan ng mga miyembro ng apektadong komunidad.

Isa sa mga istratehiya ng *OPAPP* upang matupad ang kanilang mga nabanggit na layunin ay ang ilapit ang pamahalaan sa mga apektadong komunidad at siguruhin na natatanggap nila ang mga pangunahing serbisyong panlipunan.

Una rito, iba't-ibang gawain at paghahanda ang isinagawa katulad ng mga sumusunod:

1) *Consultation meeting* na dinaluhan ng mga *key provincial agencies* kung saan ipinaalam ang mahahalagang detalye ukol sa *PAMANA Project*; 2) Pakikipagpulong at diyalogo sa mga kaukulang pamahalaang lokal at *key provincial agencies* para ipabatid ang P140M na pondo ng *OPAPP* para sa Camarines Norte; 3) Pagpasa at pag-aproba ng *Provincial Peace and Order Council (PPOC)* sa P140 Milyon na *PAMANA Project*; 4) Pag-organisa ng PAMANA *Provincial Project Management Team* sa ilalim ng kautusang Tagapagpaganap Blg. 2011-38; 5) Pagsagawa ng *Work and Financial Plans/Program of Works* ng aprubadong 5 *Farm to Market roads* na isinumite sa *OPAPP*; 6) *Memorandum of Agreements (MOA)* at *Terms of Reference (TOR)* para sa *PAMANA Project* dito sa lalawigan na nilagdaan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado at kaukulang kinatawan ng *OPAPP*; 7) Pagbukas ng pamahalaang panlalawigan ng isang hiwalay na *bank account* sa *Land Bank of the Philippines (LBP)* para sa PAMANA *Project*; 8) Pagsertipika ng *Department of Public Works and Highways (DPWH) Engineering Districts* ukol sa *technical descriptions* ng mga proyekto; 9) Pagtalaga sa *Social-Pastoral Action Center Foundation Inc. (SPACFI)* bilang *3rd Party Monitor* sa proyekto; 10) Pag-isyu ng *Mines and Geo-Sciences Bureau Department of Environment and Natural Resources (MGB-DENR) Region V (MGB-DENR ROV)* ng *Certificate of Non-Coverage* para sa 5 nabanggit na proyekto; 11) Pagsasagawa ng *social preparation activities* kung saan nagkaroon ng mga *barangay assemblies/consultations* sa limang *cluster areas*, at 12) Oryentasyon sa mga *Municipal Development Councils (MDCs)* ng mga munisipalidad na sakop ng nabanggit na mga proyekto.

Hanggang sa kasalukuyan ay patuloy na isinasagawa ang naturang mga proyektong pang-imprastraktura na inaasahang magdudulot ng malaking pagbabago sa pamumuhay ng mga residente sa mga komunidad sa nabanggit na mga lugar. ***MARILYN PACINOS-ASIS***

# DILG Sec. Robredo ...

(Mula sa pahina 5)

pawang nagpaabot ng kani-kanilang mensahe.

Sa bahagi ng programang ito, pinangasiwaan ni *DILG Regional Director* Blandino M. Maceda ang pagpapakilala sa panauhing pandangal at tagapagsalita na si *Sec.* Robredo na nagbigay ng mensahe. Nakasama ni Sec. Robredo sa *groundbreaking ceremony* sina *Regional Director* Nestor Santiago ng *Department of Health (DOH) Regional Office 5, RD* Maceda, at lokal na mga opisyal ng bayan ng Basud. Nakiisa rin sa okasyon ang *National Steering Committee* ng *Millennium Development Goal Achievement Fund (MDG-F 1919) in the Philippines (Enhancing Access to and Provision of Water Services with the Active Participation of the Poor)*.

Una rito, nagbigay rin ng mensahe sina Basud Vice Mayor Helen Z. Mendiola, Basud Mayor Dominador S. Davocol, Jr. at Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado.

Kasunod ng *SGH* na tinanggap ng mga bayan ng San Lorenzo Ruiz at Talisay, sila ay tumanggap ng kani-kanilang *Local Government Support Fund (LGSF)* bilang insentibo. Ang naturang halaga ay gagamitin nila sa pagpapatupad ng mga proyektong nakapaloob sa *Millennium Development Goals* at *Philippine* Disaster *Risk Reduction Management Act of 2010*.

Samantala, sa malapit na hinaharap, ang pagkakaroon ng *SGH* ay gagamitin ng batayan ng pamahalaang nasyonal bago makahiram ng pondo sa *Department of Finance (DOF)* ang mga pamahalaang lokal. Ito ay ipatutupad sa layuning matiyak na ang lahat ng pamahalaang lokal ay magbibigay ng kanilang pinakamahusay na serbisyo at napapanahong aksyon. Ang *SGH* ay nakasalig sa panuntunan na ***'Tapat na Palakad, Bayang Maunlad'***. Binibigyang-diin nito na kung tapat sa panunungkulan ang mga lokal na opisyal, tiyak na makakamit natin ang pambansang kaunlaran.

Matatandaan naman na noong Disyembre 2010, pumasok ang *DILG* sa isang *memorandum of agreement (MOA)* sa *DOH* at *National Anti-Poverty Commission (NAPC)* para sa implementasyon ng *Provision for Water Supply* na kilala rin bilang Salintubig (**Sa**gana at **Li**gtas **na Tubig** para sa Lahat) *Program*. Layunin ng programa na maka-paghatid ng maayos na sistema ng patubig *(water supply system)* sa mga munisipalidad gayundin sa mga *waterless barangays, health centers*, at *resettlement sites*. Kabilang dito ang pagpapahusay sa kapasidad ng mga *LGUs/water service providers* sa pagpaplano, implementasyon, at pamamalakad ng mga *water supply facilities*.

Sa naturang kasunduan, ang *DILG* ay magiging responsable sa *capacity development requirements* ng mga *local government units (LGUs)* at *water service providers* para sa pagpaplano, pagpapaunlad, at pagpapatakbo/pamamahala *(operations/management)* ng mga *water utility services* na pinunduhan sa ilalim ng Salin-Tubig *Program*.

Kaugnay nito, ang mga kinauukulang lalawigan/munisipalidad naman ang mga ahensyang magpapatupad ng *water supply projects*, magsasagawa ng *feasibility studies* at *engineering designs*, kukuha ng mga kontratista para sa *civil works construction*, at pangangasiwaan ang naturang mga pasilidad.

Samantala, ang *NAPC* naman ang siyang bubuo ng *monitoring and evaluation system* at magsusumite ng mga ulat sa Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas. Pangungunahan naman ng *DOH* ang implementasyon ng mga *infrastructure components* kasama na ang pagrebyu, pag-aproba at pagpondo sa mga *water supply systems*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Mago...

(Mula sa pahina 6)

saan nakalagay ang bigat at kapinuhan *(fineness)* nito, at iba pang katangian ng disenyo nito para hindi ito mapeke, maiwasan itong mayupi, hindi magpawis, at manatiling matibay sa paglipas ng panahon para magamit sa pang-edukasyon, pansining at pangmakabayang layunin.

Ang barya ay isang lehitimong pera na may malaking epekto sa ekonomiya ng alinmang bansa sa mundo. Ngunit sa maraming pagkakataon ay hindi ito nagagamit sa paraan kung paano ito ginawa. Ang barya ay madalas na nagagamit sa mali at naaabuso, napepeke at binabago ang mukha kung saan nasisira at hindi na makita ang orihinal na porma ng barya.

Mahalagang mapangalagaan at mapagyaman natin ang koleksyon ng mga sinaunang barya ng ating bansa sapagkat sinisimbolo nito ang pinakamalalaki at pinakamahahalagang bahagi ng ebolusyon ng ating kultura at kasaysayan bilang isang bansa na nagkakaisa, matatag at nagtutulungan para maisulong ang kapayapaan, kaayusan at kaunlaran ng bansa. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Consumer Awareness ...

(Mula sa pahina 2)

*Opportunities for Organic Products*.

Ang paksang *Health and Safety Benefits* ng *organic agriculture* ay tinalakay naman ni Ms. Nora Badong. Nagkaroon din ng malayang talakayan *(open forum)* sa dakong hapon kung saan ang mga katanungan at isyung iniharap ng mga kalahok ay nasagot at nabigyang-linaw ng mga kinauukulang tagapagsalita at tagapagtalakay.

Bilang karagdagan, sa ilalim ng *Organic Agriculture Act of 2010*, idineklara ng Estado ang pagsusulong, pagpapalaganap, higit na pagpapaunlad at pagpapatupad sa paggamit ng *organic agriculture* sa Pilipinas na inaasahang-magpapabuti sa kundisyon at magpapaunlad sa sustansya ng lupa *(soil fertility)*, magpapataas sa produksyong pansakahan, makababawas sa polusyon at pagkasira ng kapaligiran, hahadlang sa pagkaubos ng mga likas-yaman, dagdag na proteksyon sa kalusugan ng mga magsasaka, konsumidores at ng publiko, at makababawas sa pag-angkat ng mga *farm inputs*.

Sa ilalim ng nabanggit na batas, inatasan ang *DA* na pangunahan ang paggawa at pagpapatupad ng kumprehensibong programa para sa promosyon ng *community-based organic fertilizers* gaya ng kompost, pestisidyo, at iba pang *farm inputs*, kasama na ang *educational* at *promotional campaigns* sa buong bansa para sa paggamit at pagproseso, gayundin ang paggamit ng *organic agricultural system* bilang praktikal na alternatibo sa pagsasaka. ***HELEN B. ABORDO/LORENA DELA TORRE-IBASCO***

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 2, BLG. 10 DAET, CAMARINES NORTE PEBRERO, 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Namahagi ng tsileas si Gob Egay Tallado sa mga kabataan ng Brgy. Colasi, Mercedes. Ang proyekto ay bahagi ng MS Caravan na itinaguyod ng maybahay ng gobernador na si Josefina B. Tallado.

# 28,534 katao benepisyaryo ng Multi-Services Caravan ni Gob. Egay Tallado ngayong Pebrero

Sa hangaring lubos na mapaglingkuran ang kanyang mga kababayan, patuloy na isinasagawa ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang dalawang magkasabay na ca*ravan* tuwing araw ng Biyernes. Ang mensahe sa atin ni Pangulong Benigno Simeon 'P-Noy' Cojuangco Aquino III na, ***"Kayo ang boss ko."*** ay ipinakita ng gobernador sa gawa.

Sa halip na manatili sa kanyang *airconditioned room*, nagtutungo siya sa pinakamalalayo mang barangay ng lalawigan, dumadaan sa maputik at madulas na kalsada, tinatawid maging ilog at dagat man; maiparamdam lamang ang kanyang sinseridad na maglingkod sa publiko lalo na sa mahihirap niyang mga kababayan.

Halos walang kapaguran sa pagsisilbi sa kanyang mga kababayan si Gob. Tallado dahil pagkagaling sa *caravan* dumidiretso agad siya sa Kapitolyo Probinsyal kung saan hinaharap niya ang mga kababayan niyang naghihintay sa kanya at personal na tinutugunan ang kanilang mga kahilingan at/o pangangailangan.

Kaugnay nito, ang *caravan* ngayong Pebrero 2012 ay pinamunuan muli ni Gob. Tallado kasama

*(Sundan sa pahina 5)*









Pinangunahan nina Gob. Egay Tallado at Bise Gob. Jonah Pimentel ang mga serye ng Provincial Multi- Services Caravan kung saan ang iba't-ibang programa at serbisyo ng pamahalaang panlalawigan ay direktang inihatid sa mga sumusunod na barangay at bayan: Brgy. San Lorenzo, Sta. Elena; Osmeña, Jose Panganiban; Bautista at Bayabas, Labo; Guinacutan, Vinzons; Tugos, Paracale, at Colasi at Matoog-toog, Mercedes.

# P140 milyong farm-to-market road projects dito pinunduhan sa ilalim ng PAMANA Project ng OPAPP

Limang (5) *Farm to Market Roads Project* na nagkakahalaga ng P140 Milyon ang kasalukuyang isinasagawa ngayon ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Provincial Engineering Office (PEO)* sa mga lugar dito na *conflict-affected areas.*

Ang naturang mga proyekto ay ang mga sumusunod: 1) *Concreting /Gravelling* ng Exciban-Dumagmang *Farm to Market Road* - P 50 M; 2) *Concreting* ng Malibago-Malaya *Farm to Market Road* - P 40 M; 3) *Concreting* ng Bakiad-Sta. Cruz-Fundado *Farm to Market Road* - P 10 M; 4) *Concreting* ng Pambuhan-Lanot *Farm to Market Road* - P 20 M, at 5) *Concreting* ng Sta. Rosa Sur-San Rafael *Farm to Market Road* - P 20 M na umabot sa halagang P140M.

Ang kabuuang pondo na P140 Milyon para sa nabanggit na 5 proyekto ay galing sa *Office of the Presidential Affairs on the Peace Process (OPAPP)* na nasa ilalim ng Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas.

Sa *Memorandum of Agreement (MOA)* na ginawa sa pagitan ng Pamahalaang Panla-

*(Sundan sa pahina 7)*




Nagbibigay ng mensahe si Gob. Egay Tallado sa mga LGU Officials na dumalo sa pulong na isinagawa kaugnay sa implementasyon ng mga ARCP2 projects dito sa lalawigan. Nakikipagpulong si Gob. Tallado sa ilang LGU at ARCP2 officials, project engineer at monitoring staff.

